

Paano Gamitin ang PRESTO

1. Bumili ng card

Bumili ng **PRESTO** card online sa prestocard.ca o sa isa sa mga sumusunod na terminal o pasilidad ng Brampton Transit:

- Bramalea Terminal – 160 Central Park Drive
- Downtown Terminal – 8 Nelson Street
- Brampton Gateway Terminal – 501 Main Street South
- Trinity Common Terminal – 164 Great Lakes Boulevard
- Clark Facility – 185 Clark Boulevard

May \$6 na hindi mare-refund na bayad sa pagbili.

2. Lagyan ng load ang iyong card

Sa **PRESTO**, maaari kang mag-load ng magkakaibang produkto sa iyong card. May dalawang uri ng load ng **PRESTO**:

- **Magdagdag ng halaga sa e-purse:** Mag-load ng hindi bababa sa \$10 sa iyong **PRESTO** card. Maaari kang magkaroon ng balansa na hanggang \$1,000. Kapag sumakay ka, ang pamasaha sa biyahe mo ay ibabawas sa nakaimbak na balanse ng iyong card.
- **Magdagdag ng buwanang/lingguhang pass:** Gamit ang buwanan o lingguhang pass, maaari kang magsagawa ng walang limitasyong bilang ng biyahe habang aktibo ang pass.

3. Irehistro ang iyong card

Kung gusto mong irehistro ang iyong card, maghintay ng 24 oras matapos bilhin ito mula sa terminal o pasilidad ng Brampton Transit.

- Irehistro ang iyong card online sa prestocard.ca
- 24 oras makalipas irehistro ang iyong **PRESTO** card online, dapat kang mag-tap sa **anumang PRESTO device*** sa loob ng 30 araw para kumpletuhin ang pagpaparehistro. Makalipas ang 30 araw, mapapaso ang pagpaparehistro mo. Kapag napaso ang pagpaparehistro mo, tumawag sa **1-8-PRESTO-123** (1-877-378-6123) para muling paganahin ang iyong card.

* Kasama ng mga **PRESTO** device ang:

- Mga Pang-check ng Balanse sa mga terminal at pasilidad ng Brampton Transit o mga device na pambayad ng pamasaha sa mga bus ng Brampton Transit.
- Gamitin lang ang device na pambayad ng pamasaha para paganahin ang iyong pagpaparehistro kung bahagi ito ng biyahe mo, dahil magbabawas ito ng pamasaha sa pag-tap ng iyong card. Maaari mo ring gamitin ang pang-check ng balanse para paganahin ang pagpaparehistro mo kung hindi ka nagbibiyahe sa oras na iyon.

Tandaan: Kung isa kang adult at hindi mo nais irehistro ang iyong **PRESTO** card, mananatili ito bilang default na anonymousna adult card (tingnan ang **Mga Benepisyo ng Pagpaparehistro ng Iyong Card**).

4. Pagtatakda ng mga may diskuwentong pamasaha Mga Estudyante at Mga Senior

Bagaman nirerekomenda na irehistro mo iyong **PRESTO** card, ang mga card na hindi nakarehistro ay maaaring itakda sa mga may diskuwentong pamasaha ng estudyante o senior. Ang may diskuwentong pamasaha ay maaaring itakda ng tao mismo sa oras ng pagbili sa terminal o pasilidad ng Brampton Transit.

Gamitin ang iyong **PRESTO** card para magbayad para sa mga karagdagang pasahero. Matapos i-tap ang iyong **PRESTO** card sa pambayad ng pamasaha na device, abisuhan ang operator ng bus na nais mo pang magbayad para sa mga karagdagang pasahero. Magpapasok ang operator ng karagdagang pasahero at ipapa-tap ang card mo sa **PRESTO** device ng operator para ibawas ang mga pamasaha.

Tandaan: Ang mga karagdagang pasahero ay sisingilin sa halaga ng pamasaha ng adult e-purse.

Mga Benepisyong Pagpaparehistro ng Iyong Card

Sa pagpaparehistro ng card mo, maaari mong:

Protektahan ang balanse mo kapag ang card mo ay nawala o nanakaw. Maaari mong i-block ang card mo at ilipat ang balanse sa pamalit na card.

- Lulat ang nawawalang card sa **PRESTO** at ipa-block ito. Responsible ka sa halagang nagasta sa loob ng 24 oras ng pag-ulat sa pagkawala.
- Dapat kang bumili ng pamalit na card at mag-load ng hindi bababa sa \$10 sa card. **HUWAG** irehistro ang bago mong card.
- Dalawampu't-apat a oras makalipas i-block ang card at makuha ang bago mong card, mag-online o tumawag sa Call Center ng **PRESTO** sa **1-8-PRESTO-123** (1-877-378-6123) para ipalipat ang mga pondo mula sa luma mong card.

Mag-set up ang Autoload o Autorenew para awtomatikong mag-reload sa card mo.

- Awtomatikong nire-reload ng Autoload ang iyong **PRESTO** sa pamamagitan ng iyong account sa bangko o credit card, kapag ang balanse ng iyong e-purse ay bumaba sa dolyar na halagang pinili mo.
- Subalit, ang dolyar na halagang ito ay dapat nasa pagitan ng \$5 at \$60. Ang pinakamababang halaga ng autoload ay \$20, hanggang sa pinakamataas na \$980.

Tandaan: Ang mga pinakamababa at pinakamataas na halaga ay sasailalim sa pagbabago ng **PRESTO** nang walang abiso. Ang bago mong balanse ay agad lalabas sa card mo

Kumuha ng Ulat sa Paggamit ng Transit (Transit Usage Report) para sa layunin ng buwis sa kita.

- Tanging mga nakarehistrong card ang nararapat para sa pederal na kredito sa buwis.
- Gamitin ang iyong **PRESTO** card para sa hindi bababa sa 32 one-way na biyahe sa loob ng isang transit na system sa hindi naabalang panahon na hindi lalagpas sa 31 araw. Makakapag-print ka ng pahayag ng paggamit mula sa website ng **PRESTO** website para sa layunin ng pagbubuwis sa oras ng pagbubuwis.

Repasuhin ang kasaysayan ng transaksyon mo.

- Makukuha online ang tatlong-buwang kasaysayan ng transaksyon para sa mga nakarehistrong card. Mag-log in sa account mo para tingnan ito.

Emergency na Biyahe

- Ang mga may hawak ng card na nakarehistro na walang sapat na pondo para kumpletuhin ang biyahe ay may karapatan sa isang tap on at makatanggap ng dalawang-oras na paglipat mula sa oras ng pagbigay.
- Bababa sa negatibong balanse ang card at awtomatikong maki-clear sa susunod na mag-load ka sa iyong card. Ang bayad sa negatibong e-purse ay \$0.25 sa oras ng pag-reload.

Tandaan: Kung adult ka at hindi nakarehistro ang iyong card, hindi ka nararapat sa pang-emergency na biyahe.

Device na Pambayad ng Pamasaha

Natitirang
Balanse

Binawas
na
Balanse

Natitirang
Oras ng
Balanse

Tap
Card



Pang-check ng Balanse

Itapat ang card sa
device para
tingnan ang
kasaysayan ng
transaksyon



Makipag-ugnayan sa **PRESTO**

Telepono: **1-8-PRESTO-123** (1-877-378-6123)

Web: **presto.ca**

